
Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Sitwasyong Pangwika sa Social Media



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_KPWKP SHS
Module 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Sitwasyong Pangwika sa Social Media**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Imelda H. Aglibot

**Editor:** Fritz M. Bahilango

**Tagasuri:** Ernesto C. Caberte, Jr, Leilani E. Vizarra, Jammie A. Esguerra, Christine M. Cordero, Shaine Rita I. Krebs

**Tagaguhit:** Ronnie C. Suinan

**Tagalapat:** Jera Mae B. Crusado, Jhunarlyn Apple O. Busia

**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta
Leonila L. Custodio
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Sitwasyong Pangwika sa Social Media

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang ugnayang sanhi at bunga. Ang sakop ng modyul ay magamit sa ano mang kalagayan ng mag-aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pag-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

- Natutukoy ang iba't ibang paggamit ng wika sa nabasang pahayag mula sa mga vlog, social media posts at iba pa. **(F11PB-IIa-96)**

**Layunin:**


- Nakikilala ang paggamit ng wika sa pamamagitan ng social media post, blog, at iba pa.
- Naipaliliwanag ang wastong gamit ng wika sa blog, social media posts at iba pa; at
- Nagagamit ang wastong paraan ng pagpapahayag sa paggamit ng wika sa mga blog, social media posts at iba pa.

## Subukin

Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan

**Panuto:** Kilalanin kung anong uri ng social media ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay modernong paraan ng pagsulat ng mga artikulo na may iba't ibang partikular na paksa kung saan nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng internet.
   a. Blog
   b. Facebook
   c. Pinterest
   d. Twitter

2. 

Search Facebook

Jonvic Remulla

Following

Liked

Jonvic Remulla

Favorites · August 10 at 4:12 PM ·

(MUNTIK)ECQ

Noong nagpulong ang mga Gobernador sa Region 4-A, inihayag ko sa grupo na mas gusto ko na ilagay sa MECQ ang Cavite kesa ECQ.

Marami ang nagtaka: Bakit ang Laguna ay ECQ habang ang Cavite ay MECQ?

Ito po ang aking mga dahilan:

1. Ang AYUDA na inilaan ng NatGov ay hindi sapat para sa lahat.

2. Kapag ilagay sa ECQ ang Cavite, halos P1 Bilyon kada-araw ang mawawala sa ating ekonomiya. Mula pasweldo sa mga Industrial Zones at iba pang mga pagawaan.

3. Kailangan angkinin ng bawat isa ang responsibilidad para sa sarili nilang kapakanan.

Kung inyong mapapansin ay tinanggal na ng PNP ang mga checkpoint na talaga namang nagiging sanhi ng malubhang traffic.

Itinakda na lamang nila ang mga nararapat tulad ng:

1. Pagsita sa mga PUJ/PUB ukol sa overcrowding at overpricing.

2. Pagbabantay sa mga pagala-gala at nagkalat sa lansangan.

3. Pag-enforce ng curfew at anti-drunk driving law.


Ang (medyo) good news naman ay ang mga sumusunod:

1. Nag-umpisa na ang testing para sa eventual launching ng #CaviteFreeWiFi sa buong lalawigan. Sa mga susunod na araw, mapapansin ninyo na medyo lalakas ang signal sa inyong mga tahanan.

https://www.facebook.com/pg/JonvicRemullaJr/posts/

   Anong damdamin ang namayani sa Facebook post na binasa mo gamit ang wika?

   a. Hindi alintana ang dulot ng sakit sa tao.
   b. Binigyang babala ang mga tao laban sa sakit.
   c. Binigyang linaw ng pinuno ang desisyon sa di pagsunod sa bagong ordinansa ng kanyang lalawigan.
   d. Tinapat ang mamamayan sa problema ng bayan.

3. 


https://www.facebook.com/ mayoryuripacumio/photos/a.1169673186510686/2525426524268672/

Ano ang naging tungkulin ng wika sa nabasa mong Facebook post sa itaas?

a. pagpapahatid ng impormasyon sa kaganapan sa isang lugar
b. pagpapaalala ng matinding pag-iingat
c. panghihikayat sa pakikiisa sa bayan
d. pagtulong sa mga mamamayan sa oras ng krisis

4. 


https://www.youtube.com/watch?v=C07DXfOGcL4

Paano ginamit ang wika sa nabasa mong pahayag sa vlog sa itaas?

a. Binigyan ng iba'ibang kulay.
b. Ipinadama sa tao ang kahalagahan ng pahayag.
c. Isinulat ito sa malalaking letra
d. Ipinahayag ang naranasang krisis at ang matutuhan mula dito.

5. Saan ginagamit ang salitang "netizen"?
    a. diyaryo
    b. radyo
    c. social media
    d. telebisyon

6. Bakit kinagigiliwan sa social media ang code switching at pagpapalit ng salita sa ating wika?
    a. madaling basahin
    b. madaling maisulat
    c. madaling maunawaan
    d. madaling maisulat at maunawaan

7. Ito ang kalagayan ng wikang Filipino sa social media, MALIBAN sa;
    a. Gumagamit ng iba't ibang simbolo ng wika
    b. Gumagamit ng iba't ibang barayti ng wika
    c. Laganap ang code switching
    d. Laganap ang pagpapaikli ng mga salita

8. Paano ka makatutulong sa pagpalalaganap at pagpapa-unlad ng wikang Filipino sa internet?
    a. Paglalagay ng mga akdang pampanitikan sa internet
    b. Paggawa ng blogs na nasusulat sa ating wika
    c. Paglalagay ng Filipinong diksyunaryo
    d. Lahat ng nabanggit

9. Tinawag na *Texting Capital of the World* ang Pilipinas dahil sa;
    a. Marami ang may iba't ibang unit ng cellphone.
    b. Maraming text ang nagpapadala at nakatatanggap sa ating bansa araw-araw.
    c. Marami ang gumagamit nito sa paghahanapbuhay.
    d. Marami sa mga Pilipino ang walang hanapbuhay.

10. Kung nasa malayo ang isa't isa, ito ay maituturing na isang biyaya na maaaring makapagpadali ng komunikasyon sa pagitan ng magkakaibigan at mahal sa buhay.
    a. Internet
    b. Microsoft
    c. Netflix
    d. YouTube

11. Bakit tinangkilik ng mga Pilipino ang paggamit ng social media?
    a. dahil sa mga aplikasyon nito
    b. dahil ito'y nasa internet
    c. dahil sa kagandahan nito
    d. dahil sa mga larawan nito

12. Kung malayo ka sa pamilya o mahal mo sa buhay at nais mo ang agarang komunikasyon na walang kaukulang kapalit na halaga ay may mga aplikasyon na magagamit, MALIBAN sa;
    a. Messenger
    b. Skype
    c. Twitter
    d. Viber

13. Sa mundo ng social media, ito ang kahulugan ng pinaikling salita na *ILY*.
    a. I Leave You
    b. I Like You
    c. I Lose You
    d. I Love You

14. Ang mga nauusong salita na tinangkilik ng mga Pilipino sa social media tulad ng *lol, sml, skl* ay tinatawag na:
    a. code switching ng mga salita
    b. pagpapaikli ng mga salita
    c. pagpapaliit ng mga salita
    d. pagmamali ng mga salita

15. Ang mga makabuluhang bagay na naidudulot ng internet sa mga mamamayan ay ang mga sumusunod, MALIBAN sa:
    a. Napabibilis ang komunikasyon.
    b. Napadadali ang pag-aaral.
    c. Napagagaan ang hanapbuhay.
    d. Napauuso ang fake news.

# Aralin 2
# Sitwasyong Pangwika sa Social Media

Ang araling ito ay lubos na makatutulong sa pag-unawa sa kalagayan ng ating wika pagdating sa paggamit ng mga mag-aaral sa social media. Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay isagawa mo ang mga susunod na gawain nakatala dito.




## *Balikan*

**Panuto:** Ang mga *puzzle* at paglalarawan sa ibaba ay tumutukoy sa mga *icons* na ginagamit natin sa *social media*. Kilalanin mo kung ano-ano ang mga ito? Paano kaya nagkakaiba at nagkakatulad ang gamit ng mga *icon* na ito? Isulat sa patlang ang iyong kasagutan o kaya'y isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Pagkakatulad


________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________

1. Ang *icon* na ito ay bilog na mayroong apat na kulay: asul, berde, dilaw at pula.



________________

2. May hugis na bilohaba na may kulay pula at *arrow* na puti ang *icon* na ito.




________________

Pagkakaiba


________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________
________________

3. Ang *icon* na ito ay nakukulayan ng pula na mayroong letrang P.



________________

4. May letrang F sa gitna at hugis parisukat na kulay asul ang *icon* na ito.



________________

*https://www.google.com/search?q=social+media+icons+png&hl=en&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0ahUKEwiT99eP1ubgAhXBDaYKHYH1B7MQ_AUIDigB&biw=1366&bih=608*



***Mga Tala para sa Guro***

Tiyaking malinaw at maayos ang pagbibigay ng panuto. Alamin kung nasusunod ito nang wasto. Ipaalala sa mag-aaral na laging maging matapat sa pagsagot sa mga gawain,



# *Tuklasin*

## Pagtalakay sa aralin ukol sa paggamit ng wika sa Social Media

Sa pang-araw-araw na buhay natin, hindi na maiiwasan na pagkagising sa umaga ay *cellphone* na kaagad ang ating unang tinitingnan. Minsan, katabi mo sa pagtulog subalit hindi mo na nakakausap. Ito ay kaakibat nang pagiging mahalaga nito sa ating gawain. Napapanatili natin ang koneksyon sa ating mga mahal sa buhay na nasa malayong lugar, maging sa mga gawain sa trabaho ay nalalaman natin kahit nasa bahay. Hindi tayo nahuhuli sa mga nangungunang balita kahit hindi makapanood sa telebisyon, makapakinig sa radyo o kaya naman ay makapagbasa ng dyaryo. Ika nga, *instant* na gamit ang pagkakaroon nito. Ngunit kumusta kaya ang paggamit ng wika sa makabagong kagamitang ito?


***Social Media*** ang tawag sa kinahihiligan natin sa *internet*. Sapagkat dito may mga aplikasyon na maaari mong magamit kung gusto mong malaman ng mga tao ang nangyayari sa iyo, katulad na lamang ng *Facebook o FB.* Kung hanap mo naman ay balita sa mga taong sinusubaybayan mo, sa *Twitter* ka naman magpunta. Kung ang nais mo naman ay makapag-upload ka ng video, sa *YouTube* ka naman magtungo. Matutunghayan sa mga *Blogs* mo ang mga artikulo para sa isang paksa na ang pokus ay mistulang *diary.* Kung agarang libreng tawag naman ay nariyan ang *Skype*, *Viber* at *Messenger.* Tunay ngang mahalaga at malaki ang papel nito sa ating buhay.

Bagama't may magandang bagay itong naidudulot sa atin, hindi lahat ng impormasyon ay madaling makuha lalo na kung ito ay nakasulat sa wikang Filipino. Kung may makuha ka man ay walang garantiya na tama ang gramatika nito o ang pagkakagamit ng wika. Minsan pa nga, kailangan mo pa ring haluan ng Ingles kapag ikaw ay nagsasaliksik. Tulad din sa *text,* may *code switching* na nagaganap o pagpapalit-palit na paggamit ng wikang Ingles at Filipino. Hindi nakakaligtas sa

ganitong gawain kapag tayo ay nagpo*post* sa *social media*. Lahat ng saloobin natin ay ipinahahayag sa anomang paraan na ating nais, pati ang mga taong nagkokomento rito na minsan pa ay nagkakaroon tayo ng muling pagbasa rito at naitatama kung ito ay mali (*edited*).


Walang magsasabi sa iyo na mali ang gramatika mo, hahayaan ka na gumamit ng mga pohz, khumusta, eklabu, chenelin, lodi, petmalu, sml, idk, lol at marami pang pagpapaikli ng mga salita. Ang pahayag na "Mahal kita" ay isusulat sa Ingles na *I love you* sapagkat ito ay mas naiintindihan nang nakararami sa mundo ng *social media* o kung minsan ay nagiging ILY na lamang o larawan ng puso. Ganyan kabilis ang takbo ng mga salita sa mga kinagigiliwan nating *social media accounts*.

Paano ba tayo makasasabay sa bilis nito? Mayaman ang ating wika. Maaari natin itong simulan sa pamamagitan ng paglalagay sa *internet* ng mga wikang Filipinong diksyunaryo, mga akdang pampanitikan, mga rebyu ng pelikulang Filipino at patuloy na paggawa ng *blogs* na nasusulat sa ating wika. Ang kailangan ay magkaisa tayo na gamitin ito nang maayos sa lahat ng pagkakataon at magtulungan na mapalaganap ito sa mundo ng *Internet*.



# *Suriin*

**Panuto:** Basahin at unawain mong mabuti ang mga nakasulat sa loob ng kahon. Pagkatapos, tukuyin ang impormasyon na iyong nakuha at sa paanong paraan nila ibinahagi ito partikular sa pagkakagamit ng wika. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




MAY

6

<u>Fiesta ng Fabrica 2017 (Kabanata One: Ang Pag-alis)</u>

Ang likhang ito ay isang paglalahad ng mga karanasan sa aming muling pagdalaw sa probinsya ng aking ina. Hindi direkta, ngunit sinusubukan kong engganyuhin kayong mambabasa na bisitahin at pasyalan ang napakagandang bayan ng Lobo.

---------------------------------------------------

**Kabanata One: Ang Pag-alis**

Ang aking adventure ngayong araw (April 30, 2017) ay nagsimula sa paulit-ulit na mga katagang “Darl! Bangon na, aalis na tayo?!” Ang boses ni mommy ay kinilala na ng sistema ng aking katawan bilang alarm clock. Sa tuwing maririnig ko ang kaniyang very firm voice ay siguradong gising ang diwa ko hanggang talampakan. At dahil ako ay sadyang suwail (sa edad kong eto, pinipilit ko pa rin pong magbago) nagawa ko pang mangatwiran.

“Mabilis naman akong mag-ayos ng gamit. Si Crystal nga maliligo pa!”

Mommy is mommy. May sinabi sa akin si mommy bilang response pero di ko na naintindihan dahil bumalik ako sa pagtalukbong at sinubukang matulog ulit. Hindi nagtagal at umatake si konsensya.

MAY

6

Mukhang kailangan ko na talagang bumangon. Kagaya ng normal kong routine hinagilap ang cellphone na (kagaya mo, kagaya n'ya) katabing matulog. Hay! Wala na namang message. Masaklap!

Kagaya ng aking nakagawian, bago ako tuluyang bumangon inisip ko muna ang mga damit na susuotin. My brain did not cooperate. Naalala kong hindi nga pala ako ang nagligpit ng damitan ko. Hindi ko alam ang available at hindi na sa mga damit. So, tumayo na ako at hinarap ang kulay mahogany naming cabinet. Kinuha ko sa pagkakapatas ang dalawa kong sleeveless shirts (muscle shirt ata tawag, di ko lang matanggap kasi wala akong muscle), naghanap ng bagong t-shirt, nakita ko yung bigay ni Redg na "I <3 SG", magandang pang pang-alis. Hindi rin nawala ang mga paborito kong white t-shirt. Pinili ko yung regalo ni JP nung pasko tatak Culture. Tatlong shorts, rush guard panswimming, stripe run socks pantulog, at maraming undies (haha, share!) ang kumumpleto sa madalas na sobrang damit na iniempake ko. Hindi ako makaalis na walang extrang pamalit.

Pakiramdam ko kasi laging may unwanted circumstance na kinakailangan ng pampalit damit.

Tinapay ang bumubuhay sa akin sa almusal ngunit wala s'ya sa lamesa! Hindi na lang ako kumain. Naligo lang ako pagkatapos kong magligpit ng bahay (aba mabait!). Isa ang paliligo sa pinakapaborito kong thinking time. Andami kong narerealize habang dumadausdos ang mga tubig sa aking katawan. Naalala ko na kailangang dalhin si Niky, face towel, at pamalit ear plug ng earphones ko. My original plan is mag sandals, kaya lang nung isang araw, sinabihan ako ni daddy na baka ako ang mag drive ng sasakyan. Nagsapatos ako. To my disappointment, sa likod ako pinapwesto, sa gitna ng dalawa kong kapatid. WHUT?! Di na ako nagreklamo, baka maging sanhi pa ako ng maaksyong sagutan ala familia.

Hindi nga ako nagmaneho. Akala ko pa naman, finally magagamit ko na si Milky (yung sasakyan naming Hyundai Accent na puti) on the road. Papuntang Batangas mula Imus, dumaan kami sa Aguinaldo Highway, Daang Hari, Daang Reyna, MCX, SLEX, at Star Toll Way. Nung nag pagas kami sa Caltex, nalaman kong may discount na two pesos bawat litro kung magpapagas sa Unioil ang may SNR card. Ang mura! Pero sa Caltex nga kami nagpagas. Buti na lang may Robinsons Rewards na nagbibigay points sa Caltex. Meron din naman akong Happy Plus kung wala yung Rewards. Adik ata ako sa loyalty cards at as much as possible meron ako sa bawat store na madalas kong pinupuntahan (magawan nga ng blog ang mga loyalty cards… hmmm hahaha). Nagshort-cut kami paiwas ng Batangas City papuntang Taysan. Lumabas kami sa may factory ng Fortune Cement, tanda na we're near to Lobo na.

*Halaw mula sa the Darlferhen perspectives • life's bests*

*Pagmamay-ari ni G. Darlferhen Dancel*

Pagsusuri:





Pagsusuri:

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| PUNTOS | PAMANTAYAN |
|---|---|
| **10** | Nasusuri nang buong linaw at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang nabuong paksa |
| **8** | Malinaw na nasusuri at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang nabuong paksa |
| **6** | Hindi gaanong malinaw ang pagsusuri at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa |
| **4** | Hindi malinaw ang pagsusuri at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa |
| **2** | Walang kalinawan ang pagsusuri at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa. |

https://the darlferhen.blogspot.com/2017/05/fiesta-ng-fabrica-2017-kabanata-one-ang.html?view=mosaic&m=1



# *Pagyamanin*

Ang paglaganap ng teknolohiya ay nakaapekto hindi lamang sa ating bansa bagkus sa buong mundo. Dahil sa pagbabagong ito, hindi maikakaila na nabago rin nito ang ating wika. Nasaksihan natin ang paglago, pag-unlad, at pagbabago ng ating wika lalo na sa social media at internet.

Upang matiyak ang iyong natutuhan ay isagawa mo ang pagsasanay na ito.

**Pagsasanay 1.1 Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Sagutin nang matuwid ang mga tanong at ipaliwanag. Sundin ang pamantayan sa pagsulat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.**

1. Sa mga post na nababasa mo sa iyong istatus, ano ang masasabi mong naging kalagayan ng ating wika pagdating sa paggamit ng social media?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano nakatutulong sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino ang paggawa mo ng blog at pagpo-post sa social media?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Pamantayan sa Pagmamarka

| PUNTOS | PAMANTAYAN |
|---|---|
| **10** | Naipaliwanag nang buong linaw at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong |
| **8** | Malinaw na naipaliwanag at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong |
| **6** | Hindi gaanong malinaw ang paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong. |
| **4** | Hindi malinaw at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong |
| **2** | Walang kalinawan at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang sagot sa mga tanong. |



# ***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

Ngayong alam mo na ang kalagayan ng wika sa *social media*, ano-ano ang masasabi mo rito?


Handa ka na ba? Tara, Game!

Panuto: Isulat mo sa loob ng *computer* sa ibaba ang nabuo mong kaisipan ukol sa paggamit ng wika sa *social media.*



shutterstock.com · 55573504


https://www.google.com/search?q=computer+pictures&tbm=isch&ved=2ahUKEwjl_S_2LDyAhVM6JQKHdfqA6AQ2



# *Isagawa*

Subukin natin kung paano mo naisakatuparan ang iyong pagkatuto sa nakapaloob na aralin sa modyul na ito.

**Panuto:** Basahin ang *Facebook Status* sa ibaba. Kung ikaw ang maglalathala nito sa iyong *Facebook account* sa paanong paraan mo ito isusulat at bakit? Sundin ang pamantayan sa pagsagot. Isulat ang iyong sagot sa patlang o kaya'y sa iyong sagutang papel.




https://www.facebook.com/groups/752068839012808/

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Pamantayan sa Pagmamarka


| PUNTOS | PAMANTAYAN |
|---|---|
| **10** | Naipaliwanag nang buong linaw at sapat ang katibayan upang patunayan ang nabuong paksa at wastong wasto ang gamit ng wika |
| **8** | Malinaw na naipaliwanag at sapat ang katibayan upang patunayan ang nabuong paksa at wasto ang wikang ginamit |
| **6** | Hindi gaanong malinaw ang paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan ang napiling paksa hindi gaanong wasto ang wikang ginamit |
| **4** | Hindi malinaw at di sapat ang katibayan upang patunayan ang napiling paksa at gumamit ng code switching. |
| **2** | Walang kalinawan at walang katibayan upang patunayan ang napiling paksa at walang kawastuhan ang ginamit na wika. |



## *Tayahin*

**Panuto:** Kilalanin kung anong uri ng social media ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1.


Search Facebook

Jonvic Remulla

Following

Liked

Jonvic Remulla

Favorites · August 10 at 4:12 PM ·

(MUNTIK)ECQ

Noong nagpulong ang mga Gobernador sa Region 4-A, inihayag ko sa grupo na mas gusto ko na ilagay sa MECQ ang Cavite kesa ECQ.

Marami ang nagtaka: Bakit ang Laguna ay ECQ habang ang Cavite ay MECQ?

Ito po ang aking mga dahilan:

1. Ang AYUDA na inilaan ng NatGov ay hindi sapat para sa lahat.

2. Kapag ilagay sa ECQ ang Cavite, halos P1 Bilyon kada-araw ang mawawala sa ating ekonomiya. Mula pasweldo sa mga Industrial Zones at iba pang mga pagawaan.

3. Kailangan angkinin ng bawat isa ang responsibilidad para sa sarili nilang kapakanan.

Kung inyong mapapansin ay tinanggal na ng PNP ang mga checkpoint na talaga namang nagiging sanhi ng malubhang traffic.

Itinakda na lamang nila ang mga nararapat tulad ng:

1. Pagsita sa mga PUJ/PUB ukol sa overcrowding at overpricing.

2. Pagbabantay sa mga pagala-gala at nagkalat sa lansangan.

3. Pag-enforce ng curfew at anti-drunk driving law.


Ang (medyo) good news naman ay ang mga sumusunod:

1. Nag-umpisa na ang testing para sa eventual launching ng #CaviteFreeWiFi sa buong lalawigan. Sa mga susunod na araw, mapapansin ninyo na medyo lalakas ang signal sa inyong mga tahanan.

https://www.facebook.com/pg/JonvicRemullaJr/posts/

Anong damdamin ang namayani sa Facebook post na binasa mo gamit ang wika?

a. Hindi alintana ang dulot ng sakit sa tao.
b. Binigyang babala ang mga tao laban sa sakit.
c. Binigyang linaw ng pinuno ang desisyon sa di pagsunod sa bagong ordinansa ng kanyang lalawigan.
d. Tinapat ang mamamayan sa problema ng bayan.

2. 


https://www.facebook.com/ mayoryuripacumio/photos/a.1169673186510686/2525426524268672/

Ano ang naging tungkulin ng wika sa nabasa mong Facebook post sa itaas?

a. pagpapahatid ng impormasyon sa kaganapan sa isang lugar
b. pagpapaalala ng matinding pag-iingat
c. panghihikayat sa pakikiisa sa bayan
d. pagtulong sa mga mamamayan sa oras ng krisis

3. 


https://www.youtube.com/watch?v=C07DXfOGcL4

Paano ginamit ang wika sa nabasa mong pahayag sa vlog sa itaas?

a. Binigyan ngn iba'ibang kulay.
b. Ipinadama sa tao ang kahalagahan ng pahayag.
c. Isinulat ito sa malalaking letra
d. Ipinahayag ang naranasang krisis at ang matutuhan mula dito.

4. Ito ay isang *platform* sa Internet na karaniwang sa salitang Ingles nagkakaintindihan ang lahat.
    a. Pahayagan
    b. Radyo
    c. Social Media
    d. Telebisiyon

5. Malaki ang naitulong nito para sa mga taong nawalay sa pamilya dahil sa pagtatrabaho lalo na sa mga mag-aaral na kailangan nang agarang kasagutan sa kanilang mga asignatura.
    a. Internet
    b. Microsoft
    c. Netllix
    d. YouTube

6. Saan ginagamit ang salitang "netizen"?
    a. diyaryo
    b. radyo
    c. social media
    d. telebisyon

7. Ito ang kalagayan ng wikang Filipino sa social media, MALIBAN sa;
    a. Gumagamit ng iba't ibang simbolo ng wika
    b. Gumagamit ng iba't ibang barayti ng wika
    c. Laganap ang pagpapaikli ng mga salita
    d. Laganap ang code switching

8. Paano ka makatutulong sa pagpalalaganap at pag-unlad ng wikang Filipino sa Internet?
    a. Paggawa ng blogs na nasusulat sa ating wika
    b. Paglalagay ng akdang pampanitikan sa internet
    c. Paglalagay ng diksyunaryong Filipino
    d. Lahat ng nabanggit

9. Bakit kinagigiliwan sa social media ang code switching at pagpapalit ng salita sa ating wika?
    a. madaling basahin
    b. madaling maisulat
    c. madaling maunawaan
    d. madaling maisulat at maunawaan

10. Tinawag na *Texting Capital of the World* ang Pilipinas dahil sa;
    a. Marami ang may iba't ibang unit ng cellphone.
    b. Maraming text ang nagpapadala at nakatatanggap sa ating bansa araw-araw.
    c. Marami ang gumagamit nito sa paghahanapbuhay.
    d. Marami sa mga Pilipino ang walang hanapbuhay.

11. Bakit tinangkilik ng mga Pilipino ang paggamit ng social media?
    a. dahil sa mga aplikasyon nito
    b. dahil sa mga larawan nito
    c. dahil sa ito'y nasa Internet
    d. dahil sa kagandahan nito.

12. Kung malayo ka sa pamilya o mahal mo sa buhay at nais mo ang agarang komunikasyon na walang kaukulang halaga ay may mga aplikasyon na magagamit, maliban sa;
    a. Messenger
    b. Skype
    c. Twitter
    d. Viber

13. Sa mundo ng social media, ito ang kahulugan ng pinaikling salita na *ILY*.
    a. I Leave You!
    b. I Like You!
    c. I Lose You!
    d. I Love You!

14. Ang mga nauusong salita na tinangkilik ng mga Pilipino sa social media tulad ng *lol, sml, skl* ay tinatawag na:
    a. code switching ng mga salita
    b. Pagpapaikli ng mga salita
    c. Pagpapaliit ng mga salita
    d. Pagmamali ng mga salita

15. Ang mga makabuluhang bagay na naidudulot ng Internet sa mga mamamayan ay ang mga sumusunod, MALIBAN sa:
    a. Napabibilis ang komunikasyon.
    b. Napadadali ang pag-aaral.
    c. Napagagaang ang hanapbuhay.
    d. Napauuso ang fake news.



# *Karagdagang Gawain*

Binabati kita! Natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, nais kitang maging handa sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na kung ano nga ba ang madalas mong marinig na salita sa mga social media at Internet.


**Panuto:** Sumulat ng sanaysay. Sumuri ng isang post sa social media. Patunayan na mahalaga ang social media at Internet sa ating kasalukuyang buhay. Paano nagamit ang wika rito? Gawin ito sa sagutang papel.

______________________________
Paksa

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Pamantayan sa Pagmamarka

| PUNTOS | PAMANTAYAN |
|---|---|
| 5 | Naipaliwanag nang buong linaw at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang nabuong paksa |
| 4 | Malinaw na naipaliwanag at sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang nabuong paksa |
| 3 | Hindi gaanong malinaw ang paliwanag at di gaanong sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa |
| 2 | Hindi malinaw at di sapat ang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa |
| 1 | Walang kalinawan at walang katibayan upang patunayan at bigyang-katwiran ang napiling paksa. |



# *Susi sa Pagwawasto*

| Tayahin | Balikan | Subukin |
|---|---|---|
| 1. C<br>2. A<br>3. D<br>4. C<br>5. A<br>6. C<br>7. A<br>8. D<br>9. D<br>10. B<br>11. A<br>12. C<br>13. D<br>14. B<br>15. D | 1. Google<br>2. Youtube<br>3. Pinterest<br>4. Facebook | 1. A<br>2. C<br>3. A<br>4. D<br>5. C<br>6. D<br>7. A<br>8. D<br>9. B<br>10. A<br>11. A<br>12. C<br>13. D<br>14. B<br>15. D |

# *Sanggunian*

Dayag, Alma M.; del Rosario, Mary Grace G., 2017. Pinagyamang Pluma (K-12) – Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City:Phoenix Publishing House.

http://istoryapinas.blogspot.com/2016/12/ano-ang-blog.html

https://utakfilipino.wordpress.com/

https://www.google.com/search?q=social+media+icons+png&hl=en&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0ahUKEwiT99eP1ubgAhXBDaYKHYH1B7MQ_AUIDigB&biw=1366&bih=608

https://thedarlferhen.blogspot.com/2017/05/fiesta-ng-fabrica-2017-kabanata-one-ang.html?view=mosaic&m=1

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph